# ARIEL SOTELO TABÁG

ARIEL SOTELO TABÁG. Ilokanong manunulat. Nakatanggap na ng mga gantimpala at *grant* mula Palanca, NCCA, KWF, NBDB, at ilang patimpalak sa Kailokanuhan para sa kaniyang mga nobela, maikling kuwento at tula. Awtor ng *Karapote* (koleksiyon ng maikling kuwento), *Ay, Ni Reberen! (*nobela), *Panangarakup iti Ipus ti Layap (*kalipunan ng mga tula), *Kapessat ti Bagis* (nobela), *Panangsapul iti Puraw a Kabalio* (nobela), *Villa ken Dadduma Pay nga Ababa a Sarita* (koleksiyon ng maikling kuwento), at *Voice Tape ken Dadduma Pay a Napili a Sarita* (koleksiyon ng piling maikling kuwento). Kasapi sa patnugutan ng *Bannawag Magazine.* Nagsasalin ng mga akda ng mga manunulat na Ilokano. Ipinanganak sa Villa, Santa Teresita, Cagayan at nakatira sa Quezon City kasama ang asawa at dalawang anak.

# BIN-I

Maibatay iti parabula, gasanggasat ti gasat dagiti bukel
Adda bukod nga akem ti tunggal maysa, mayannatup iti purok
Ket iti panagriingna, nalangto ti aglawlaw, nalawag ti law-ang.

Pudno a ti panagindurog, mayannatup iti panangannad iti biag
Kanayon a ti dangadang, sumngay iti kanito nga adda panagsakup
Lumtaw ti panagduduma iti no ania ti ammo, iti pigsa, iti rukod.

Adda panagduktal a ti magteng daytoy, awanan iti patingga
Mabalin met a kibinen dagiti nakapkapsut ken babbabassit
Ngem ti aliaw iti kanibusanan, agsukog a kas kinagamrud.

Makaanaykami met iti umdas. Masapul kadi a mabusbos
Ti panawen iti panagparnuay iti igam para iti espasiomi
Tapno laeng adda agtultuloy a pannakainaw ti baro a biag?

# BINHI

Ayon sa parabula, sapalaran ang kapalaran ng mga butil
May angking tungkulin ang bawat isa, naaangkop sa pook
Sa pagmulat nito, luntian ang paligid, maaliwalas ang langit.

Tunay na ang pag-iral, sang-ayon sa pag-iingat sa buhay
Nagkakaroon ng tunggalian sa sandaling may pagsakop
Lumilitaw ang kaibhan sa sukat, sa lakas, sa kaalaman.

May pagtuklas na walang hangganan ang maaabot
Maaari nga namang akayin ang mga mas mahina
Subalit ang takot sa wakas, nagkakatawang gahaman.

Nagkakasya kami sa sapat. Kailangan bang malustay
Ang panahon sa paglikha ng armas para sa aming espasyo
Kung saan patuloy kaming maglalang ng bagumbuhay?